

# SINO KAYA ITO?



Pagpalain ka, kapatid. Napaka inam nga na makaparito sa bahay ng Panginoon.

<sup>2</sup> Sa tingin ko pinag-aaralan ko ang ilang Kasulatan, kamakailan lang, at ang sabi Nito na noong si Jesus ay patungo't malapit na sa Jerusalem, na 'yung mga alagad ay iminasid nila ang kanilang mga mata at natanaw nila ang banal na siyudad sa kalayuan, at nagsimula silang magbunyi at magsabi, haya't, "Ngayon ipapanauli na ang kaharian."

<sup>3</sup> At may isa pong lalaki na binabanggit ito, o ikinukuwento niya 'yung pagbisita niya sa Palestina kamakailan lang, at ang kuwento niya'y ang mga tao ngayon, nitong nakaraang taon, ang mga tao'y nagtutungo raw sa lugar na 'yun, sa dako na sila'y manggagaling sa libis at doon mismo sa may pagliko, doon sa siya ring daan na si Jesus at ang mga alagad ay umapak noon, noong panahon na tinanaw nila 'yung siyudad, bigla silang napaiyak.

<sup>4</sup> Alam n'yo, naniniwala ako, na may kung anong bagay sa mga alagad, noong panahon na 'yun, na may pakiramdam sila, na—na ang kaharian ay ipapanauli na.

<sup>5</sup> At ngayon po'y halos panahon na. At naniniwala ako na 'yan din ang pakiramdam na naroon sa mga tao, na ang kaharian ay halos handa nang mapanauli muli.

<sup>6</sup> Si Kapatid na Neville po, ang ating mabait at pinagpalang pastor, nakausap niya po ako kanina tungkol sa paparating na gawaing rebaybal dito sa tabernakulo, sa susunod na ilang gabi, na idulog po raw ito sa panalangin. At sinabi ko sa kanya, na sa palagay ko'y magiging pinagpalang bagay ito.

<sup>7</sup> Hindi nga kayo basta-basta na lang nagkakaroon ng sangkatutak na rebaybal. At maraming beses po na mali ang opinyon natin tungkol sa rebaybal. Ang rebaybal po'y hindi naman 'yung mag-aakay tayo ng mga bagong miyembro, bagkus ay 'yung irebayb na mismo 'yung kung anong mayroon na tayo. At ako'y . . .

<sup>8</sup> Gustung-gusto kong sinasabi ito, dahil sinasabi ko ito mula sa kalaliman ng aking puso. Na may unti-unti akong nasusumpungan na may kung anong ibang pakiramdam sa palibot nitong tabernakulo kaysa sa nung kung ano ang narito nang matagal na panahon, isa pong pakiramdam na—na isang malalim na espirituwal na pakiramdam, gaya ng kung ano noon, matagal na matagal nang panahon ang nakararaan; na isang bagay mismo na lumalagi, at isang bagay na may tunay

na pundasyon. At umaasa ako na pagpapalain ng Diyos ang munting iglesya na ito, at . . . ? . . . muli sa kapangyarihan nito.

<sup>9</sup> At nakikita ko po ang patuloy na pagpapatayo ng gusali, at iniisip ko na isang dakilang bagay ito. Dahil, kalaunan, tayo na mga matatanda'y huhubarin na natin ang baluti at itatagubilin sa kamay ng ating mga anak, at aakyat na sa gintong Hagdanan na 'yun.

<sup>10</sup> Nung isang araw po'y tumungtong na ako sa kalahatiang tandaan, haya't limampung taong gulang na ako. Hindi ko nga namamalayan. Para ngang kailan lang mula nung nagbubuhat-buhat ako ng mga pinamili para kay Chris Meisner, mga disi otso, disi sais, disi otso anyos lang ako noon. Pero ambilis ngang lumipas. Ipinapakita nga n'yan na wala tayong namamalaging bayan, bagkus tayo'y humahanap sa Isa na 'yun na parating. At ang Bayan na 'yun na kung saan ang Diyos ang nagtayo, haya't wala nga roong katapusan.

<sup>11</sup> Kaninang umaga, habang nangungusap ako sa paksa tungkol sa Araw ng Mga Nanay, at sinisikap ko na ipresenta ang nanay na hindi sa kung ano siya ngayon, na matanda na, na may mga kulubot na't, lahat ng mga ito, na nakasaklay, o nasa isang silyang de gulong, o upuang may patungan ng bisig sa gilid, at may munting paso ng bulaklak sa tabi niya; kundi si nanay sa pagkabuhay na mag-uli, na ipinanumbalik sa kanyang kabataan, at nakatayo, nagliliwanag bilang isang reyna. Sa ganyang paraan na nais kong isipin ang aking nanay. Ayaw kong isipin siya na gaya ngayon, na matanda na. Gustung-gusto ko nga na iniisip kung ano ang parating. At alam ko na ganoon din ang pakiramdam n'yo sa inyong mga nanay. Iniisip n'yo siya kung ano siyang talaga sa kanyang puso. Gayong maraming . . . gaya ng sinasabi ng makata, "Hindi madali ang buhay para sa kanya, pero di siya mangingimi na ulitin 'yun uli, basta makagawa lamang ng bagay para sa iyo." Kaya gagawa nga mismo ang Diyos ng daan para ang nanay ay mabubuhay nang magpakailanman kasama kayo. Hayan nga't ikinagagalak ko 'yan.

<sup>12</sup> Hindi ko po alam, naianunsyo ko ito, kaninang umaga, na mangungusap ako ngayong gabi, kung loobin ng Panginoon, tungkol sa: *Sino Kaya Ito?* Hayan nga po na di ko alam kung paano ko ito gagawin. Mangyari po na abala po ako hanggang sa halos isang oras at sampung minuto ang nakararaan, dahil sa mga panayam buong hapon, at may mga espesyal at—at mga tawag na kailangan sana ng agarang tugon. Pero di lang ako makapunta.

<sup>13</sup> At nais ko pong ipagpatuloy na ipanalangin n'yo si Doktor Sam. Siya—Siya po'y bumubuti na ang pakiramdam, at pinasasalamat natin 'yan. At si Doktor Baldwin at Gng.

Baldwin ay kapwa nakakabawi na rin po. Bumubuti na ang lagay nila.

<sup>14</sup> Nais ko pong ilagay n'yo ang isa pang bago sa listahan n'yo ng mga ipapanalangin, sa hapon na ito. Si Harry Lease po na taga-rito, na tagabenta ng gamot. Si Harry po'y personal kong kaibigan. At sa tagal ko na siyang kakilala, akala ko nga na isa siyang Cristiano, hanggang nitong hapon lang, nung ang kanyang kapatid na lalaki'y nakiusap ng kahilingan para sa kaligtasan ng kanyang kaluluwa. Si Kapatid na Mike Egan po ang nagdala . . . ang atin pong katiwala rito, siya po ang nagdala nung balita. At si Harry po raw ay nasa isang malubhang kalagayan, nasa ospital. Hindi ko akalain na ganoon na lamang niya akong iniisip; mangyari po, na tinanggihan niya ang sarili niyang pastor, sa hapon na ito, o ang pastor ng simbahan na pinupuntahan niya, at gusto raw niyang bisitahin ko siya. At nais kong makita siya. Kaya, ipanalangin n'yo si Harry.

<sup>15</sup> Nagagalak tayo, sa gabing ito, haya't babanggitin ko lang, ang mga kaibigan ko na narito, mula pa sa Georgia, si Kapatid na Welch Evans at ang kanyang pamilya. Nakikita ko, rin, ang iba pang mga bisita na hindi ko sila kakilala, marahil narito kaninang umaga.

<sup>16</sup> Kung hindi ako nagkakamali, nakikita ko si Kapatid na lalaki at Kapatid na babaing Elmer Collins diyan sa likod, na mga taga-Phoenix, Arizona. Oh, hindi ka nagbago. Para ngang dapat siguro'y isuot mo ang uniporme mo sa tren, at—at bumalik mismo sa riles. At maligayang pag-uwi! Hindi ko nga mahihiling na manatili ka rito, dahil nakahanap ka na ng mas mainam na lugar, kita mo, napaka inam n'yan, Phoenix. Ako man ay gusto kong tumira roon, balang araw, mismo.

<sup>17</sup> At heto rin na nakikita ko si Kapatid na Smith, na taga-Church of God, nandyan siya. Kapatid na Smith, naibigay sa akin, 'yung munti mong aklat, nung isang araw, o kahapon yata 'yun ng hapon, pagabi na. Hindi ko pa nababasa, pero siguradong ieendorso ko 'yun, yamang nalalaman ko na ikaw ang sumulat nun. Siguradong totoo't, tunay na Kasulatan 'yun. Pagpalain ka ng Diyos. At umaasa ako na magiging matagumpay 'yun.

<sup>18</sup> At marami pang iba, na mababanggit ko. Lahat po kayo'y malugod na tinatanggap sa tabernakulo. At gustung-gusto ko 'yung awitin na 'yun, kaninang umaga, ni Kapatid na babaing Stricker na umawit nun, "Siya'y sumisilip sa durungawan, minamasdan siya." Sa Mennonite kong mga kapatid dito, ikinagagalak ko na nakadalo sila rito. At, oh, lahat po kayo! May isa ring kaibigan dito, na sa palagay ko, mula pa sa Illinois, ang anak niyang lalaki ay nagrerekord diyan sa likod, nakatagpo ko sila uli. At marami po, marahil di ko lang. . . Huwag lang po sana

kayong magtampo kung di ko mabanggit ang inyong pangalan, hayan po na malugod kong tinatanggap kayong lahat.

<sup>19</sup> Ngayon tayo po'y magbasa na ngayong gabi, bilang aralin sa Kasulatan, mula sa Mateo sa ika-21 kabanata, simulan natin sa unang talata, at basahin pababa, at sa ika-11, lahat ng nakapaloob.

*At nang malapit na sila sa Jerusalem, na doon magsidating, at magsidating sa Betfage, sa bundok ng Olivo, ay nagsugo nga si Jesus ng dalawang alagad,*

*Na sinasabi sa kanila, Magsiparoon kayo sa nayong nasa tapat ninyo, at pagdaka'y masusumpungan ninyo ang isang nakatali na babaing asno, na may kasamang isang batang asno: kalagin ninyo, at dalhin ninyo sa akin.*

*At kung ang sinoman ay magsabi ng anoman sa inyo, ay sasabihin ninyo, Kinakailangan sila ng Panginoon; at pagdaka'y kaniyang ipadadala sila.*

*Nangyari nga ito, upang matupad ang sinalita sa pamamagitan ng propeta, na nagsasabi,*

*Sabihin . . . sa mga anak na babae ng Sion, Narito, ang Hari mo'y pumaparito sa iyo na maamo . . . nakasakay sa isang asno, at sa isang batang asno na anak ng babaing asno.*

*At nagsiparoon ang mga alagad, at ginawa ang ayon sa ipinagutos ni Jesus sa kanila,*

*At kanilang dinala ang babaing asno, at ang batang asno, at inilagay nila sa ibabaw ng mga ito ang kanilang mga damit, at dito siya'y sumakay.*

*At inilalatag sa daan ng kalakhang bahagi ng karamihan ang kanilang mga damit; at ang mga iba'y nagsiputol ng mga sanga ng mga punong kahoy, at inilalatag sa daan.*

*At ang karamihang nangasa unahan niya, at ang nagsisunod, ay nagsisigawan, na nagsisipagsabi, Hosana sa Anak ni David: Mapalad ang pumaparito sa pangalan ng Panginoon; Hosana sa kataastaasan.*

*At nang pumasok si Jesus sa Jerusalem, ay nagkagulo ang buong bayan, na nagsasabi, Sino kaya ito?*

*At sinabi ng mga karamihan, Ito'y si Jesus na propetang taga Nazaret . . .*

Atin pong iyuko ang ating mga ulo sa pananalangin.

<sup>20</sup> Oh Panginoon, iniisip po namin kung ano kaya ang sasabihin namin, kung kami'y namuhay sa mga panahon na 'yun noon. Pero kami po'y nabubuhay sa isang higit na dakilang panahon, kung kailan kami'y naghahangad sa Kanyang pagparito. At

kami po'y naghahanda, Panginoon, inihahanda ang aming mga puso, at dinadala ang lahat ng mga ani na matitipon namin mula sa dako ng anihan, kapwa dito sa amin at sa ibang bansa, amin pong binubulay at aming hinihintay ang oras na 'yun na makikita namin Siya na dumarating, nakasakay sa isang kabayong puti, bumababa mula sa mga pintuan ng Kaluwalhatian, para baguhin at anyuan ang luma't nabubulok naming katawan na ito, na maging isang maluwalhating katawan gaya ng sa Kanya, kung saan wala nang kasalanan pa o wala nang tanda ng kamatayan ang makapapasok. At amin Siyang makikita bilang Siya mismo, at mamumuhay, at pagka-iibigin Siya sa lahat-lahat ng mga kapanahunan na darating.

<sup>21</sup> Pinasasalamatang Ka po namin para sa iglesyang ito at para sa pastor, at para sa mga katiwala't mga diyakono, at para sa bawat tao na dumadalo rito; at para sa mga bisita na nasa aming mga pintuan, na mga tupa ng siya ring kawan, pero mga taga-ibang bakod. Taimtim po naming hinihiling na Iyong pagpalain sila, ngayong gabi, ng Iyong Presensya.

<sup>22</sup> At kami'y pakainin ng Iyong Salita, na kami'y makahayo mula rito, sa gabing ito, na may kamit na determinasyon na maging mas maiinam na mga Cristiano kaysa sa noong una kami. Nawa kami'y makahayo nang may bagong pag-asa sa aming puso, at may kamit na kagalakan, sa paghihintay sa Kanyang pagdating.

<sup>23</sup> Kung sakali po na mayroon sa kalagitnaan namin, na may sakit at nagdadalamhati, ay di namin makalimutan na ipanalangin sila. Na sila po...Sa pagdako sa gusaling ito, ngayong gabi, kung saan kami'y nagkakatipon para sumamba, na sa pagpasok, na may sakit, sila'y lumabas na magaling na.

<sup>24</sup> At humihiling kami para sa kanila na mga nasa rehabilitasyon, sa mga tahanan at mga ospital, at mga nasa banig ng karamdaman. Dalangin namin, Oh Diyos, na ang Iyong habag ay umabot sa kanila.

<sup>25</sup> Idinadalangin din namin sila na mga malamig ang loob, ngayong gabi, na hindi pa nalalaspap at nakikita na ang Panginoon ay mabuti, na hindi pa alam kung paano ba mahal ng Diyos. Hindi lamang nila nauunawaan kung ano ang kulang sa kanila. Oh Diyos, nawa'y sa pamamagitan ng pagsasahimpapawid sa radyo, o sa kung anong paraan, ay hipuin ang kanilang mga puso, at ang kanilang mga emosyon ay maibaling sa Iyo bago pa sumara ang pinto ng awa at pagsarhan na sila sa labas, para tumayo sa mga kahatulan nang wala nang habag.

<sup>26</sup> Iyo pong tulongan kami, Panginoon. Ang mga bagay na ito ay idinadalangin namin sa Pangalan ng Panginoong Jesus, at para sa Kanyang kaluwalhatian ay amin itong hinihiling. Amen.

27 Ang mga taong 'yun noo'y nagsisiksikan sa paligid ng pintuang-bayan, at punung-puno ng tao ang mga lansangan, at wala ngang sapat na lugar para pagtulugan ng mga tao. Nakahiga sila roon sa labas ng pader, sa lapag na mismo, dahil panahon 'yun noon ng paskwa. At ang mga tao'y nanggaling pa sa lahat ng dako ng kilalang mundo noon, para sumamba sa panahon na 'yun. Panahon 'yun noon kung kailan ang kordero ng paskwa'y papatayin. At ang . . . Inirerepresenta nun ang kanilang paglabas mula sa Egipto, mula sa pagkaalipin. At ginugunita nila ito, taon-taon. Taon-taon, itong dakilang paskwa na ito ay ginaganap. At isa 'yun sa pinaka katangi-tanging panahon ng . . . o kaganapan ng relihiyong Judio, dahil ginugunita nun ang panahon na sila'y pinalaya.

28 Lahat ng tao mismo'y gustung-gusto na inaalala 'yan, 'yung panahon kung kailan sila lumaya. Ganoon nga rin 'yan mismo sa bawat isa sa atin, sa gabing ito, na binabalikan natin ang panahon na 'yun kung kailan tayo lumaya! Ganoon na lamang 'yung kahalaga sa atin!

29 Naalala ko nga sa sarili kong karanasan, kung papaanong ang dalita't kabataan kong puso'y nag-aasam noon sa hipo ng Diyos. Sa isip-isip ko, "Oh, kung magagawa ko lang na pumunta roon at kumatok sa Kanyang pinto, at makipag-usap sa Kanya nang matagal-tagal pa!" At, mangyari po, na alam n'yo ang kuwento ko. Kumuha ako noon ng papel at lapis, at nakahanda na ako noong sulatan Siya ng liham, dahil hindi ko magawang kausapin Siya. At ang alam ko'y nakatira Siya sa kakahuyan, dahil doon ko Siya narinig, at doon ko Siya nakita sa kakahuyan na kumikilos. At may—may isang, luma't pamilyar na daan na dati kong dinadaan kapag pumupunta ako para mangaso o mangisda. Sa isip-isip ko, "Ipapaskil ko lang 'yung liham sa puno, at kay G. Jesus 'yun nakapangalan." Isang paraan nga 'yun para maibsan ang bigat na 'yun sa puso ko.

30 Oh, 'yung gabi na 'yun, sa dako roon! Makalimutan ko man ang edad ko, makalimutan ko man ang pangalan ko pagdating ng panahon, pero hindig-hindi ko makakalimutan 'yung oras na pinalaya Niya ako mula sa kasalanan. May bagay na nangyari, sa kaibuturan ko, na sadyang kasagipan ko sa matitinding panahon ng kadiliman. Noong oras na 'yun ng pagliligtas sa akin, ang bigat ng kasalanan ay nawaglit sa akin, at ako'y naging isang bagong tao. Ako'y naging bagong nilalang kay Cristo Jesus, mula noon.

31 At kaya ang mga Judiong ito, nagpupunta sila roon, bawat taon. At may—may bukal sa loob ng simbahan. At dala-dala nila roon ang—ang tinapay, ang mapapait na gulay, at 'yung kordero, at sila'y uminom mula sa bukal na ito sa loob ng simbahan. At sila'y nagagalak na magkakasama dahil pinakitaan sila ng Diyos

ng kaluguran. Kaya, yamang panahon 'yun ng paskwa, at hindi lang noon basta paskwa, haya't espesyal na paskwa 'yun.

<sup>32</sup> Alam n'yo, may mga panahon na nagpupunta tayo sa simbahan at...Gustung-gusto natin na pumunta sa tuwina, pero may mga panahon na may espesyal na nangyayari.

<sup>33</sup> At isa ito sa mga panahon na 'yun. Ang paligid nga'y punung-puno ng pag-asa, gaya sa panahon ngayon. Lahat ng mga mata ng mga umiibig sa Kanya ay naghihintay sa Kanyang pagpasok sa pintuang-bayan.

<sup>34</sup> At naniniwala ako na ganyan na ganyan mismo ito sa panahon ngayon, para sa mga tao na iniibig Siya at naghihintay sa Kanya. Ang paligid nga'y punung-puno ng pag-aasam.

<sup>35</sup> Sa panahon, na nabubuhay tayo sa panahon na ito, kung kailan ang mundo'y aktuwal, na nagmistula nang naging isang malaking bariles ng pulbura. At sinasabi sa atin ng siyensya, "Tatlong minuto na lang bago mag-hatinggabi." At sigurado ako na nabasa n'yo na, gaya ko, nung isang araw, 'yung kuwento ng isang heneral sa hukbo, ang sabi, ay, "Kung may darating man na isa pang giyera, dalawa o tatlong minuto na lang ang itatagal nun." Yung sinaunang paraan ng pakikipagdigma, at pagpapaputok ng baril, at paghuhukay ng mga tintsera't butas, lipas na 'yun. Sinasabi nila na ang susunod na giyera ay dalawa o tatlong minuto lang ang itatagal. Darating ang araw, may maligalig na taong bigla na lang magpadala sa init ng ulo at papuputukin ang isa sa mga bombang 'yun. At kapag may gumawa n'yan, mayroon tayong mga radar na naniniktik ng mga ganoon, sa lahat ng dako, para makaganti tayo ng putok. Hindi nga diyen makakaligtas ang mundo.

<sup>36</sup> Lahat ng naroon sa paskwa'y alam na may bagay na mangyayari, pero di lang nila alam kung ano 'yun.

<sup>37</sup> At ganyan din ito sa panahon ngayon. Halos lahat ay alam na may bagay na napipintong mangyari. Alam ng lahat mismo. Kausapin mo ang makasalanan, kausapin mo ang negosyante, kausapin mo ang kahit sino, at, oh, grabeng panahon ng bagabag nga para sa mundo.

<sup>38</sup> Pero subukan n'yong kausapin ang isang lalaki o babae na naghihintay sa Kanyang pagdating, at ang kaluwalhatian ay nasa mukha nila mismo, nagliliwanag. Hinihintay nila ang dakilang kaganapan na ito. Kaya ang buong paligid ay napupuno muli, ng pag-aasam sa isang bagay na mangyayari. Hindi alam ng sanlibutan kung ano ang napipintong mangyari, pero alam ng Iglesya ng buhay na Diyos kung ano ang mangyayari. Alam nila na malapit na malapit nang tumunog ang trumpeta, at makikita natin ang Kanyang pagdating, na nangangabayo mula sa Kaluwalhatian, sakay sa isang puting kabayo, at ang hukbo ng Langit ay nakasunod sa Kanya. At sila na mga patay kay Cristo ay aagawin at kukunin paitaas para

katagpuin Siya sa alapaap. Yan ang bagay na inaasam natin. Nananabik tayo para rito.

<sup>39</sup> At naipangusap na sa atin ang tungkol sa mga kaluluwa ng mga nanay na 'yun, at iba pa, 'yan ang ipinangusap natin kaninang umaga, na nandun mismo sila sa ilalim ng dambana ng Diyos, na sumisigaw, "Gaano pang katagal, Panginoon? Gaano pang katagal?" Gustung-gusto ni nanay na makita kayo gaya nga ng kung papaanong gustung-gusto n'yo na siyang makita. At ang ating mga mahal sa buhay ay talagang gustung-gusto rin nila na makita tayo kung papaanong gusto natin na makita sila.

<sup>40</sup> Grabeng muling pagkikita-kita 'yun, sa Kanyang pagdating! Na kakatagpuin natin ang ating mga mahal sa buhay at makikita natin sila na nasa katawan nila na nabuhay mag-uli, at niluwalhati, at naglalakad mismo kasama ang mga tagapagmana ng pagkabuhay na mag-uli, pagmasdan n'yo ang kanilang pagkatao, kung papaano nga na nabago 'yun, makikita na ang kaamuhan at kataimtiman. At wala nang pagmamadali't pag-aapura, at kasasampa pa lang ay aalis na, dahil tayo'y may buong Walang Hanggan na mamumuhay nang sama-sama.

<sup>41</sup> Oh, itong grabe't neurotikong kapanahunan na kinabubuhayan natin, wala ngang panahon para sa kahit na ano, haya't sasampa pa lang at aalis na, at tatalilis na, aba, teriblang panahon nga.

<sup>42</sup> Mangyari nga, na noong ang mga taong 'yun ay naghihintay na may bagay na mangyari, nakalulungkot nga na marami sa mga naroon sa paskuwa ay di man lang Siya nakita. Pero, alam nila na may bagay nga na mangyayari, pero sa kabila nun ay di sila nagkaroon ng pagkakataon na makita Siya.

<sup>43</sup> Ganoon din ito sa Pagparito ng Panginoon. Napakaraming tao ang balisa, sa panahon ngayon, na alam na may bagay na mangyayari, pero hindi nila—hindi nila Siya makikita. Dahil darating Siya sa katahimikan ng hatinggabi, para agawin palayo ang munting Iglesya na nananabik at naghihintay at nag-aasam na makita Siya. Sila 'yung ipinunta Niya't aagawin palayo. Marami sa sanlibutan na namumuhay sa kabighaninan, at pagpapakasasa ng kanilang mga kaluluwa sa mga bagay na makamundo, hindi nila malalaman kung anong nangyari, hanggang sa ang Iglesya'y magtungo na sa Kaluwalhatian, dahil Siya'y darating bilang isang magnanakaw sa gabi at aagawin sila palayo. Heto nga na nakikita natin na bumalik tayo sa gayunding kalagayan. Ngayon nasumpungan natin, na, itong mga pag-aasam na ito, na ang Diyos ay dumarating sa kanila na mga. . . Sa buong Kasulatan mismo, ganoon at ganoon din. Na may mga. . . Lagi Siyang nagpapakita sa kanila na mga naghihintay sa Kanya, laging sa kanila na mga naghahangad na makita Siya. At sigurado ako na 'yan mismo ang pag-asa na nasa mga puso natin ngayong gabi.



44 Mga anim na buwan na ang nakalilipas, siguro, ako po'y nagpapatotoo noon sa mga tao. At sabi ko, "Oh, ang bulayin 'yun, na anumang oras ay darating at darating Siya!"

45 At ang dahilan kung bakit nasabi ko 'yun, kausap ko noon si Kapatid na Bosworth. Noong pinuntahan ko ang matandang banal na ito, noong mabalitaan namin na malapit na siyang mamatay, lagpas otsenta anyos na ang edad niya, ang maybahay ko't ako'y nagtungo. . . doon para makita ang matanda bago siya mamatay. May bagay nga ako na kailangan kong sabihin sa kanya. Gusto kong masaksihan mismo ang mga banal sa pagpasok nila sa Kaluwalhatian, at kinakailangan ko ngang makita siya. At talagang pinudpod namin ang gulong ng kotse.

46 Mangyari nga na nung pagdating ko dun, at humangos ako sa may pinto, papasok sa isang munting sulok kung saan nakaratay ang matandang patriyarka. Inangat niya ang ulo niya nung masilip niya na dumating ako. Yung matanda't, nanghihina niyang bisig ay nakalaylay, na 'yung laman ay nakaluyloy. At iniabot niya ang kanyang mga bisig sa akin. At niyapos siya sa may leeg at napasigaw, "Ama ko, ama ko, ang mga karwahe ng Israel, at ang mga mangangabayo nito," dahil isa siyang banal, na lalaking maka-Diyos.

47 Tapos sabi ko, "Kapatid na Bosworth, gusto ko pong tanungin ka ng isang bagay. Nananampalataya ka ba na gagaling ka?"

Sabi niya, "Oh, wala naman akong sakit."

Sabi ko, "Buweno, ano pong nangyayari kung ganun?"

48 Sabi niya, "Ako'y uuwi na sa Tahanan." Sabi niya, "Pagod na ako, at inip na. At gusto ko lang Umuwi na."

49 Sabi ko, "Kung ganoon po pala'y napagtatanto mo na mamamatay ka na?" Sabi ko, "Gusto kitang tanungin ng isang bagay. Kung babalikan ang halos pitumpung taon mo sa pagmiministryo, ano ba ang pinaka maluwalhati mong sandali? Puwede mo pong ikuwento sa akin, ginoo, at sabihin sa akin kung ano ba 'yung karanasan na 'yun na nagkaroon ka, sa tugaygay ng panahon, na mabibilang mo bilang pinaka dakilang oras."

50 Umabot man ako sa edad niya, hindang-hindi ko makakalimutan 'yun, habang 'yung nangingitim niyang mga mata'y tumitig sa akin, sa ibabaw nung salamin niyang 'yun. Sabi niya, "Mahal kong kapatid, ito mismo ang pinaka dakilang sandali ng buhay ko. Hindi nga ako makaisip ng anumang oras na mas luluwalhati pa kaysa ngayon."

51 Tiningnan ko siya sa kanyang mukha, at sabi ko, "Ginoo, pero alam mo pa rin ba na mamamatay ka na?"

52 Sabi niya, "Kapatid na Branham, nakahiga lang ako rito, na hinihintay ang bawat minuto na Kanya nang bubuksan ang pinto

at ako'y papasok, dadalhin ako Pauwi kasama Siya.” Yan ang dapat na paraan kung paano mamatay. Yan ang dapat na paraan kung paano yumao.

<sup>53</sup> At gaya ng nalalaman n'yo, na, mga dalawang oras bago siya mamatay. . . Siya nga'y, naratay dun sa coma, nang lampas dalawang araw. At nung magkaroon na siya ng malay, bumangon siya sa silid, at nagsimulang makipag-usap sa kanyang maybahay. Tapos, bigla-bigla na lang, naging mistula siyang nagliliwanag. At nakipagkamay siya, nang diretsong isang oras o higit pa, nakipagkamay sa mga kaibigan, na mga patay na nang apatnapu o limampung taon na ang nakararaan, na kanyang mga naakay sa kanyang iglesya. Nakipagkamay sa kanyang nanay at sa kanyang tatay. Hanggang sa siya ay. . . umalis na ang buhay sa kanyang katawan, nahiga sa unan at natulog, sa mga bisig ng Panginoong Jesus. Wala ngang makapapalit sa paglilingkod sa Kanya, pag-aasam sa Kanya.

<sup>54</sup> At habang ikinukuwento ko ito sa lalaking ito, at sinasaysay sa kanya ang karanasan na 'yun, ito ang sinabi ko. Sabi ko, “Ginoo, oh, hindi ba't napakamaluwalhati kapag makikita na natin Siya? Oh, kung paririto lamang Siya ngayon!”

Sabi niya, “Kapatid na Branham, huwag mong takutin ang mga tao gaya n'yan.”

Sabi ko, “Ano pong ibig mong sabihin?”

<sup>55</sup> Sabi niya, “Oh, huwag mong sabihin sa mga tao na ang mundo'y parating na, o si Cristo'y parating na. Magbubunsod 'yun ng pag-aalala sa kanila.”

<sup>56</sup> “Oh,” sabi ko, “hindi. Pasensya na po. Sila na mga naghihintay sa Kanya, 'yun po'y ang pinaka maluwalhating balita na maririnig nila, na si Jesus ay magpapakita na't kukunin ang Kanyang Iglesya.” Ang katandaan ay mababago't magiging kabataan. Kagalakan ang ibibigay sa halip na kalungkutan. Buhay ang ibibigay sa halip na kamatayan. Imortalidad sa halip na mortalidad, ipagpapalit. Oh, grabeng sandali, ang malaman na Siya'y parating na!

<sup>57</sup> Hinihintay nila Siya. Inaasahan nila Siya. At sa pagdating Niya, makikita natin na may dalawang pangkat. Ang isang grupo ay para sa Kanya, at ang isa naman ay laban sa Kanya.

<sup>58</sup> At ganyan na ganyan ang nasusumpungan natin ngayon. Yan ang ibinubunsod, ng Kanyang pagparito, ang hatiin lagi ang mga tao. Sa tuwina, sa tuwing masusumpungan n'yo si Jesus, masusumpungan n'yo rin sa paligid yaong mga kontra Rito. Si Satanas 'yun. At, ngayon, kung bubulayin natin 'yun, makikita natin na walang pinagbago. Parehas mismo. Ibang tao na marahil ang naroon, pero 'yung espiritu ng mga tao'y hindi nagbabago.

<sup>59</sup> Kaya noong sandali na tumanaw sila roon sa pintuang-bayan at makita Siya na parating, nakasakay sa isang munti't, puting asno, hindi na nakapagtataka na ang mga alagad ay bigla na lang—na lang sumigaw, “Ang kaharian ng Langit ay parating na!” Nagtakbuhan ang mga tao para salubungin Siya, at napukaw ang buong Jerusalem. May kung anong bagay dun, sa sa tuwing dumarating si Jesus, laging nagkakagulo. At napukaw ang buong bayan. At di nila—di nila 'yun maitago.

<sup>60</sup> At yaong mga mangangaral ng panahon na 'yun ay kinakailangang tumugon sa pagkapukaw na 'yun, dahil kapistahan noon ng paskwa. At kaya sumigaw sila, “Sino kaya Ito?” noong mapuno ang paligid ng ingay, at 'yung pagdating ng Panginoong Jesus, sa Jerusalem, ay nagpuno sa paligid ng pag-aasam, mistula ngang alam dapat ng mga tagapagturo kung ano ang mangyayari. Mistula ngang ang punong saserdote'y alam dapat 'yun. Mistula ngang lahat ng iba pang mga saserdote'y alam dapat 'yun.

<sup>61</sup> At di 'yun nagbago, ngayon, dahil ang Espiritu Santo'y tagapanguna ng Pagdating ng Panginoong Jesus. At nung ang Espiritu Santo'y nagsimulang lumaganap sa buong mundo, sumiklab ang mga apoy ng rebaybal, sa lahat na dako, dakilang mga tanda't mga kababalaghan ang naipamalas, mga kagalangang ay naganap, mga propesiya'y ipinahayag. Lahat ng pagkakatipun-tipon ng apostolikong mga biyaya'y nanumbalik sa Iglesya muli. Hayan nga, na kung ano noon, ay gayundin ngayon, ang espiritu ng di-mananampalataya'y sumisigaw pa rin, “Sino kaya Ito?”

<sup>62</sup> Ang ilan sa kanila'y naniwala naman sa Panginoong Jesus, na nasasabi nilang Siya'y mabuting Tao. Sinasabi nga ng ilan sa kanila, “Isa Siyang mabuting Tao.”

<sup>63</sup> Yan ang sinasabi nila maging sa panahon ngayon. Sinusubukan nilang gawin Siya na isang Napoleon, isang mandirigma. Sinusubukan nilang gawin Siya na isang—isang George Washington, isang matapat na lalaki. Pero Siya nga'y higit pa ryan.

<sup>64</sup> Napansin n'yo ba ang binasa kanina sa Kasulatan? Sabi nila, “Ito ang Propeta na nanggaling sa Galilea.”

<sup>65</sup> At ganyan na ganyan ang sinisikap nilang sabihin ngayon, kapag nakikita nila ang dakilang pagkilos ng Panginoon: na ipinapanauli, sa kalusugan, ang mga maysakit at mga nagdadalamhati; na makita Siya na ginagamit ang Kanyang Espiritu sa Kanyang Iglesya, para talusin ang pag-iisip ng mga tao; na makita Siya na ginagawa ang siya ring ginawa Niya noong narito Siya sa lupa, na tinutupad ang bagay na sinabi Niya na mangyayari; tunay, ang mga kaiglesyahan at mga tao'y, tinatanong ito, “Sino kaya Ito?”

66 Hindi nila naunawaan kung sino si Jesus, dahil wala sa kanila ang nakakilala sa Kanya, sa pamamagitan ng kanilang eskuwelahan. “Saang seminaryo ba Siya nanggaling? Sa aling eskuwelahan ng teolohiya Siya nanggaling?”

67 At ganyan na ganyan ngayon. Karamihan sa mga taong pinahiran ng Espiritu Santo’y di galing sa alinmang seminaryo. Sila’y produkto mismo ng sariling pagpili ng Diyos. Hayan nga na ang mga tanda’t mga himala, at mga kababalaghan na ipinangako sa Biblia, lumalakip sa dakilang Espiritu Santong ito habang Ito’y kumikilos sa kalagitnaan ng mga tao.

68 At sinasabi nila ngayon, “Saang eskuwelahan ba sila galing?” Pagpasok mo pa lang sa isang siyudad, para magdaos ng rebaybal, “Sa anong denominasyon ka ba kasapi?”

69 Kinapanayam ako noong Biyernes ng hapon, ng isang Romano Katolikong pari mula sa iglesyang Irlandes sa Louisville. At kakapakilala pa lang sa akin sa kanya, haya’t isa siyang mainan na lalaking mataas ang pinag-aralan, sabi niya, “G. Branham, sa aling denominasyon ka ba kabilang?”

Sabi ko, “Wala po.”

Tapos sabi niya, pagkatapos, “Naordenahan ka ba?”

Sabi ko, “Opo, ginoo.”

Sabi niya, “Sino ang nag-ordena sa iyo?”

70 Sabi ko, “Ang Panginoong Jesus ang nagbigay sa akin ng Espiritu Santo, para ipangaral ang Ebanghelyo, at binigyan ako ng isang atas.” Buweno, ’yan nga ang pag-oordena na kailangan natin.

71 Hindi kailanman sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad, “Magpunta kayo sa . . .” Hindi ko po pinupuna ang ganoong mga bagay, pero ipinamumuhay nila ang panahon nilang ’yun. Hindi Niya sinabi, “Magpunta kayo, mag-aral kayo para maging ministro, nang *ganitong-karaming* taon.”

72 Sabi Niya, “Magsipanatili kayo sa bayan ng Jerusalem, hanggang sa kayo’y masangkapan ng Kapangyarihang galing sa Itaas.” Sinabi Niya ’yun sa mga kalalakihan na hindi man lang makalagda ng sarili nilang pangalan. “At pagkatapos nito, lulukob ang Espiritu Santo sa inyo, pagkatapos kayo’y magiging Aking mga saksi, kapwa sa Jerusalem, Judea, Samaria, at hanggang sa kadulu-duluhang bahagi ng mundo.” Ganoon ang pag-oordena.

73 Wala tayong anumang tala na si Jesus ay pumasok sa alinmang eskuwelahan, o nakapagtapos ng pag-aaral mula sa alinmang seminaryo. Pero, pinakamaraming seminaryo ang itinayo sa Kanyang Pangalan, alang-alang sa relihiyon, kumpara sa anupamang iba—anupamang ibang bagay na narito sa lupa. Wala nga tayong anumang—anumang tala na Siya’y nag-

eskuwela. Pero, sa kabila nun, pinakamaraming eskuwelahan ang itinayo sa Kanyang Pangalan kumpara sa iba pang pangalan sa silong ng langit, ng mga eskuwelahan. Kailanman sa abot ng ating nalalaman ay hindi Siya sumulat ng anumang aklat. Pero, pinakamaraming aklat ang isinulat patungkol sa Kanya kaysa sa lahat ng iba pang panitikan na naisulat. At, ngayon, ang Kanyang Biblia ang pinaka popular na Aklat na mayroon sa buong mundo, sa gitna ng lahat ng panitikan.

<sup>74</sup> Pero, nakita n'yo, noong araw na 'yun ng pagbisita, sumigaw sila, "Sino kaya Siya?"

<sup>75</sup> Kita n'yo, kinukuha ng Diyos ang isang bagay na tila walang kuwenta, para magbunsod ng katuturan mula roon. Yun ang nagpapaging Diyos sa Kanya.

<sup>76</sup> At nung makita nila Siyang paparating, nakasakay sa asno sa pintuang-bayan, ang ilan sa kanila'y nagsabi, "Isa Siyang dakilang Tao."

<sup>77</sup> Yan ang sinasabi nila ngayon. May mga eskuwelahan ng teolohiya na nagtuturo, ngayon, na si Jesus ay isang dakilang Tao lang, na Siya'y isang mabuting Tao lang. May ilan nga sa kanila na sinasabing isa Siyang propeta. Ngayon, kung Siya'y propeta lang, o mabuting Tao lang, tayo'y sadlak sa ating mga kasalanan. Siya'y higit sa pagiging isang propeta. Siya'y higit sa pagiging isang mabuting Tao. Gayong, Siya'y isang mabuting Tao namang talaga. Gayong, Siya'y isang Diyos-na-Propeta namang talaga. Pero Siya'y higit diyan. Siya'y Diyos na nahayag sa laman, para alisin ang kasalanan.

<sup>78</sup> At sa pagpasok Niya, habang nakasakay sa asno, maraming tao ang nagsabi, "Isa Siyang tagapagpagaling. Oh, nakita namin mismo na minulat Niya ang mga mata ng bulag. Nakita namin ka pinalakad Niya ang pilay na lalaki. Nakita namin Siya na dumulog ng panalangin, at nawala ang lagnat sa bata." Pero, sa kabila nun, 'yung mga ganoong uri ay sumusunod lamang sa Kanya dahil sa mga tinapay at mga isda.

<sup>79</sup> At ganyan na ganyan ang mga madla sa panahon ngayon, marami. Kung may tagapagpagaling, aba, sila—sila nga'y susunod-sunod sa Kanya, at Siya'y nagmimistulang parang—parang isang oasis lang. Kung magkasakit sila, tatakbo sila, sasabihin, "Oh, maaari mo ba akong ipanalangin, para pagalingin ako ng Panginoong Jesus?" At sa paglabas na paglabas nila ng ospital, o banig ng karamdaman, hayan nga't sa sanlibutan ang direktso, na parang isang aso sa kanyang suka, o isang baboy sa kanyang lubluban, gaya ng sinabi ng Kasulatan. Sumusunod lamang sa Kanya dahil sa kabutihan na nakukuha nila mula sa Kanya. Ginagamit lang nila Siya bilang isang— isang totem pole, o—o bagay na—na pakikinabangan nila mula sa Kanya, at pagkatapos ay walang maaasahan na maglilingkod

sa Kanya. Ganyan na ganyan pa rin ang madla mapasa hanggang ngayon.

<sup>80</sup> May siyam na ketongin na pinagaling, at isa ang bumalik para magbigay ng papuri sa Kanya. O sampu po ba 'yun? Sila, isa sa kanila, ang bumalik para magbigay ng papuri sa Kanya, at ang iba sa kanila'y naunang umalis, na hindi nagpapasalamat.

<sup>81</sup> At kung ang mga tao sa Amerika, na pinagaling ng Kapangyarihan ng Diyos, ay ibabaling lamang ang kanilang mga puso sa Diyos, may rebaybal mismo na sasambulat sa bansang ito na magpapasara sa bawat bahay-inuman, na ibubunsod. . . Ang mga tindahan ng alak at tindahan ng wiski'y mawawala mismo sa eksena. Mapupuno ang mga simbahan. Mawawalan ng tao ang mga sinehan nang Linggo ng gabi. At may rebaybal na sasambulat, sa buong bansa. Pero sa tuwing nakikita nila itong nangyayari, itong mga bagay na ginagawa ng Diyos, numisigaw sila, "Sino kaya Ito? Sino kaya itong dumarating na ito? Saan kaya sila nanggaling? Sino kaya ito? Sa anong kapamahalaan kaya ito ginagawa?"

<sup>82</sup> Hindi ko makakalimutan, sa Johannesburg, doon sa Timog Aprika. Kararating ko lang noon, nang mga tatlung minuto bago pa, sa isang eroplano. Dahil nga tatlong araw at gabi na ako sa himpapawid, kaya sobra ang pagod ko na hindi na halos ako makatayo. Dinala nila—dinala nila ako doon sa malawak na pinagtitipunan kung saan nasa limampu o animnapung libong tao ang nagkatipon. At noong pagtapak na pagtapak ko sa entablado, anupa't ang Espiritu Santo. . . Nakinita ko 'yun, may dumating sa lugar, na isang—isang bus. At may nakalagay na karatula 'yun, "Durban." Nakinita ko ang isang kabataang lalaki na nagpumilit at humiwalay sa kanyang tatay at nanay, 'yung isang binti niya'y anim o walong pulgadang maiksi kumpara sa isa niyang binti. Nakasuot siya ng puting kamiseta, na may mga suspender na kumakapit dun sa kanyang pantalon. At napansin ko ang kabataang lalaki. Bumaling uli ako. Nawala na 'yung pangitain. At pagkatapos, kaunting sandali pa, nakita ko ang Liwanag na nakalutang sa ibabaw ng isang kabataang lalaki, doon mismo sa likod sa mga dumalo roon. At tumanaw ako. Sa isip-isip ko, "Parang nakita ko na siya sa kung saan." Minatyagan ko siya, at 'yung Liwanag ay nakalutang mismo sa ibabaw niya nang ilang minuto. At hinihintay ko ang interpreter na maisalin niya ang sumusunod na mga salita. Pagkatapos nakita ko ang siya ring kabataang lalaking 'yun na tumayo, inihagis ang kanyang mga saklay, at 'yung anim-na-pulgadang maiksing binti'y naging normal na gaya nung isa.

<sup>83</sup> At ang sabi ko kay G. A. J. Schoeman; na nasa Kaluwalhatian na, ngayong gabi. Sabi ko, "G. Schoeman, sipi mo lang itong mga salita ko. Isa itong pangitain."

Sabi niya, "Sige po."

84 Tapos sabi ko, “Ang kabataang lalaki na nariyan sa likod na nakasuot ng puting kamiseta, at may suspender, nanggaling siya sa isang siyudad na ang tawag ay Durban, mga labing-limang daang milya sa kabila ng bansa, sakay sa bus. At kinailangan niyang humiwalay sa kanyang tatay at nanay, para makadako rito. Pero nanampalataya siya sa Panginoong Jesus, at may binti siya na anim na pulgadang mas maiksi kaysa dun sa isa.”

85 At 'yung kabataang lalaki'y napatalon. Hayun nga siya, nakatayo, sinasalat-salat ang kanyang mga saklay. Tapos sabi ko, “Kabataang lalaki, pinagaling ka na ng Panginoong Jesus.” At bigla na lang na 'yung binti niya'y humaba nang anim na pulgada, naging normal, katulad nung isa pa. At dinala 'yung kabataang lalaki sa entablado, at ineksamin siya ng mga doktor. Makikita n'yo ang litrato niya sa libro ko.

86 Mga ilang sandali na akong nakatayo roon, may nakinita akong maliit, na berdeng kotse na umaandar sa kalsada, at nadulas 'yun. Umikot 'yun, patalikod, at tumama sa isang puno. Isang kabataan, na olandes ang buhok na babae ang . . . nabali ang likod niya. Tapos sabi ko, “May nakinita akong maliit, na berdeng kotse na dumausdos sa isang puno, at isang kabataang babae na olandes ang buhok na mga labing-walong taong gulang ang nabali ang likod. Nasa malubha siyang kalagayan.” Walang sumagot. At hindi ko siya makita kung saan sa karamihan na 'yun, napakalaking madla na mga nakikinig. At tumayo ako roon nang ilang minuto. Sabi ko, “Unawain n'yo. Ito'y . . . Huwag po kayong maghinala. Ang Panginoong Jesus ito, sa Kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli. Ipinadala Niya ang Espiritu Santo para ituloy ang Kanyang gawa.” At doon ay nakinita ko ang pangitain na nangyari uli. At hindi ko lang makita ang kabataang babae.

87 Bigla na lang, nakatayo sa harapan ko, heto nga na nakatayo ang Liwanag na 'yun, gaya ng nakikita n'yo sa litrato. At nakatayo Yun dito. Lumakad ako papalapit doon, at naroon nakaratay ang kabataang babae, doon sa ibaba lamang ng entablado. Sabi ko, “Kabataang binibini, pinagaling ka na ng Panginoong Jesus.” At bigla na lang siyang umiyak.

88 Sabi ng nanay niya, “Oh, huwag! Huwag mong sabihin sa kanya na tumayo!” Sabi, “Kung gagalaw kasi siya, mamamatay siya.”

89 At ang kabataang binibini nga'y lumukso mismo't tumayo, sumisigaw, at pinupuri ang Diyos. At nahimatay ang nanay at natumba dun sa banig na kinararatayan nung una ng kabataang babae.

Ano 'yun?

90 Noong mga sandali ngang 'yun, may isang mapagpunang lalaki ang tumayo sa likod dun, at tumayo na ang isang paa'y nasa ibabaw ng isang upuan, at 'yung isa'y sa isa naman, at

ang sabi, “Ikaw, Amerikano! Hinahamon kita na sabihin mo kung sa anong Pangalan mo ito ginagawa! At sa kung anong denominasyong simbahan ka kabilang?” Kita n’yo?

<sup>91</sup> Ganoon na ganoon. Hindi nila nauunawaan. Hindi kasi sila nananabik sa mga bagay na ito. Hindi nananabik ng kaiglesyahan ang Pagparito ng Panginoon. At ang Espiritu Santo rito’y kinukumpirma mismo ang Kanyang pagdating, para ipangyari Ito. Na anupa’t. . .

Ang gusto ng bawat isa nga’y tumahak sa sarili niyang daan. Ganoon nga ’yun doon. Bawat grupo ay may sarili nilang ideya.

<sup>92</sup> Pero hindi ’yan ang katanungan sa gabing ito. Hindi ’yan ang ipinapangusap ko. Haya’t ang tanong na tinatanong ko sa inyo, ay, ano ba ang palagay n’yo kung ano Ito? Ito kasi’y may kinalaman sa inyo. Sino kaya Ito na paroo’t parito sa mga bansa? Hindi nga tao. Hindi kayang gawin ng tao lang ang mga bagay na ito. Sino kaya Ito na nangungusap at sinasabi sa mga tao roon sa mga nakikinig, na, “Ikaw na nakaupo sa kanan *dito*, sa dako *rito*,” at marami pang lugar sa pagtitipon, kung kailan ang mga kababaihan at kalalakihan ay dinadala rito, naghihingalo? Sino kaya Ito?

<sup>93</sup> Ang kabataang babae na lumakad sa bautismuhan kaninang umaga, haya’t tatlong linggo ang nakalilipas, naghihingalo na siya dahil sa carcinoma na kanser, nakatira siya dito mismo sa Maple Street, si Gng. Baity. At tinanong ko sa tatlong doktor ang tungkol sa sakit na nasa kanya. Wala raw siya ni isang pag-asa pa para mabuhay, haya’t apat o lima ang maliliit niyang anak, at ang nanay ko’y nagpasabi nang siya na ang mag-aalaga sa mga bata. Ang sabi pa nga ni nanay, “Bill, hindi na siya makakauwi pa.”

<sup>94</sup> At nagtungo nga ako kung saan naroon ang babae, at nagsalita ang Panginoong Jesus, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON, kung siya’y dadalo sa simbahan at mangangako na mabautismuhan sa Pangalan ng Panginoong Jesus, at paglilingkuran ang Diyos, uuwi siya, na magaling na.”

At tinanong ko siya, “Gagawin mo ba ito, ginang?”

<sup>95</sup> At sabi niya, “Lahat po mismo ng sinabi mo, gagawin ko.” Dali-daling nawala ang mga kirot. Tatlong araw lumipas, nakauwi na siya, at wala nang mahagilap na bakas ng kanser ang mga doktor.

<sup>96</sup> Sino kaya Ito na dumarating sa Pangalan ng Panginoon? Sino kaya Ito? Ang Espiritu Santo ito ng Diyos. Ano ang palagay n’yo Rito? Ano ang palagay n’yo, sa pagkakakilala n’yo sa pastor n’yo? At may pagkakataon mismo na habang sila’y nakaupo sa mga upuan dito, mga tao na taga-ibang bayan pa, nauupo na may epilepsy, nauupo na may. . . Heto nga nakaupo rito ang isang lalaki, sa isang dako rito, isang Mennonite na kapatid,



dito mismo, na dumaranas ng hirap ng epilepsy. Hindi ko siya kakilala o nakita kailanman, wala akong nalalaman na kung ano tungkol sa kanya. At bigla na lang, mga dalawang taon ang nakararaan, sa palagay ko, o mga ganoon, oo, dalawang taon, tinawag 'yun ng Espiritu Santo, at ang sabi "GANITO ANG SABI NG PANGINOON." Hindi na siya nagkaroon ng anumang sumpung mula noon. Sino kaya Ito? Sino kaya Ito?

<sup>97</sup> Itong babae na ito'y nakaupo rito, noong nakaraang Linggo, noong huling beses na nandito ako, siya po'y galing pa sa kung saan sa Illinois. Noong sumunod na araw . . . May malaking tumor sa kanyang katawan, na malignant. At dadalhin na siya ng ilan sa pinaka mahusay na siyensiyang medikal ng Illinois sa isang malaking klinika, para doon operahan, Lunes 'yun. At nakipagsiksikan nga siya rito. Hindi ko pa siya nakikita o may anumang narinig tungkol sa kanya kailanman, sa buong buhay ko. At bigla na lang, nililiman siya ng Espiritu Santo, at sinabi Nito kung sino ang babae, kung taga-saan siya, at siya nga'y operahan na sa susunod na araw. Ilan po ang nandito't, nasaksihan 'yun? At nakita nga natin nung bumalik 'yung balita. Nung sumunod na araw, noong nagpunta na siya sa doktor, pinaglipat-lipat daw siya ng mga doktor ng klinika, at hindi man lang nakakita ng anumang bakas nun.

<sup>98</sup> Sino kaya Ito? Oh, mahabag ang Diyos! Sino kaya Ito na ginagawa ito? Mangangahas ba kayong sabihin na ang pastor n'yo ito? Hindi kailanman. Mangangahas ba kayo na sabihin na may kinalaman ang mga tao tungkol dito? Hindi kailanman. Ang Espiritu Santo ito, ang Espiritu na naroon sa Panginoon nating Jesus. At ang Pagparito Niya para ilakip ang Kanyang Sarili sa Kanyang Iglesya, ay malapit na malapit na't pinakakalat na Niya ang Kanyang dakila't banal na Liwanag, para tumubos, at dalhin sa pakikipagbuklod, ang isang Iglesya ng buhay na Diyos, para sa Pag-agaw na nalalapit. Amen!

<sup>99</sup> Sino kaya Ito? Hindi ko masagot ang tanong n'yo. Hindi ko masasagot ito para sa inyo. Pero masasagot ko nga para sa sarili ko. At sa ibabaw ng banal na pulpitong ito, ngayong gabi, sa mga tainga nitong, kongregasyon, at mga—mga binili na ng Dugo ng ating Panginoong Jesus, sinasabi ko po ito sa kaibuturan ng aking puso. Hindi dahil sa isa ako sa inyo, hindi dahil sa iba ako, bagkus isa lang sa mga tinubos na hinugasan ng Dugo. Naniniwala ako na ang siya ring Liwanag na nakapailanlang sa loob ng iglesyang ito, ngayong gabi, ang siya ring Yun na ipinapakita, sa pamamagitan ng kalikasan Nito, na Ito'y si Jesus Cristo mismo, sa anyo ng Espiritu Santo.

<sup>100</sup> Sinuman na nakakaalam sa Kasulatan, ay alam na sinabi ni Jesus, "Ako'y buhat sa Diyos, at Ako'y paroroon sa Diyos." Bago Siya magsalaman, noong sinamahan si Moises sa ilang, Siya yaong Haliging Apoy. At nung hangarin ni Moises na makita

Siya, dumaan Siya na ang likuran Niya ang ipinakita. At ang sabi ni Moises, “Mukha itong Tao.” Noong narito Siya noon sa lupa, Siya’y isang Tao. Ginawa Niya noon ang siya ring mga bagay na ginagawa Niya, ngayon, sa pamamagitan ng mga tao na Kanyang tinubos. Hayun nga Siya na dumating at nagpakuha ng Kanyang litrato. Ano ’yun?

<sup>101</sup> Pagkatapos ng Kanyang kamatayan, paglilibing, at pagkabuhay na mag-uli, nasa daan noon si Pablo papuntang Damasco, isang araw, at isang malaking Liwanag ang nagpasubasob sa kanya. Yung mga kalalalahanan sa paligid niya’y hindi nila nakita ang Liwanag. Pero sinubasob Nito si Pablo, na anupa’t binulag siya Nito. Dala-dala na niya ’yung problema niyang ’yun sa mata niya sa buong buhay niya. At sabi niya isang beses, “At nang ako’y huwag magyabang nang labis dahil sa kalabisan ng mga pahayag, ay ibinigay ito sa akin,” isang tinik sa laman, isang mensahero ni Satanas, para hampas-hampasin siya. Dahil doon sa kalabisan ng mga kapahayagan.

<sup>102</sup> At nung isubasob si Pablo, sa daan niya noon para usigin sana ang mga tao na gumagawa ng masyadong ingay; isang grupo na ipinanganak na muli, na binansagan ng mga tao na mga heretiko. Si Pablo nga’y nasa daan niya noon para usigin ang mga ito, dala-dala ang mga papeles sa kanyang bulsa, para arestuhin sila at dalhin sila sa Jerusalem. At noong halos kalagitnaan ng araw, bumaba ang Liwanag na ’yun, na isinubasob siya, sa lupa, at bumagsak siya sa alabok ng lupa. May Tinig na nanggaling doon sa Liwanag, na nagsasabi, “Saulo, Saulo, bakit mo Ako pinag-uusig?”

<sup>103</sup> At bumaling si Pablo, gayong bulag ang kondisyon, tumingala. At naaaninag niya ang dakila’t, maluwalhating Liwanag. Tapos sabi niya, “Panginoon, Sino Ka po?”

<sup>104</sup> Sabi Niya, “Ako si Jesus. Nagbuhat ako sa Diyos; pumaroon Ako sa Diyos. Nagbuhat Ako sa Diyos; bumabalik Ako sa Diyos.” Sabi Niya, “Mahirap para sa iyo ang sumikad sa matulis.”

<sup>105</sup> Isang kapahayagan lang sa banal na buhanging ’yun, isang beses lang sa lugar na ’yun, hindi na siya magiging katulad ng kung ano siya noon. Ang isang tao, bago niya matawag ang sarili niya na isang Cristiano, bago niya ipakilala ang sarili niya na ganoon, kinakailangan niya na unang-una’y magkaroon ng karanasan sa likurang-bahagi-ng-disyerto, kung saan nakatagpo niya ang Diyos, nang mukhaan.

<sup>106</sup> Dahil, sa panahon ngayon, kung anu-ano nang paliwanag na sagot ang masusumpungan mo. Nakikita n’yo naman na ang Panginoon ay nagpapamalas mismo nang eksakto sa kung anong sinabi Niya na gagawin, at ang mga matatalinong teologo’y ipapaliwanag Ito para balewalain. Sasabihin nila, “Para ’yan sa ibang panahon. Para ’yan sa *ganito*. O, Ito’y para sa ibang panahon. O, mali Ito.” Gaya ng sinabi nila noon kay Jesus, “Isa

Siyang Beelzebub, ang diyablo. Isa Siyang manghuhula.” At lahat ng mga bagay na ’yun, may tugong paliwanag sila.

<sup>107</sup> Pero kapag ang isang tao’y magkaroon ng kaugnayan kay Cristo, at makita Siya gaya ng pagkakita sa Kanya ni Pablo, o talagang naranasan Siya, wala ngang sapat na teologo sa mundo ang kayang ipangatwiran para balewalain ang karanasan na ’yun mula sa taong ’yun.

<sup>108</sup> Yan ang dahilan, sa panahon ngayon, kung bakit wala silang ganoong karanasan. Yan ang dahilan kung bakit di nila masabi. . . sinasabi nga nilang lahat, “Sino kaya Ito? Ano kaya Ito? Saan kaya Ito nanggaling?” Wala silang sagot. Bakit? Dahil, ang buong nalalaman lang nila’y isang teolohiya na ginawa ng kung anong iglesya. Hindi nga “ang maalaman ang teolohiya” ay Buhay. Hindi rin “ang maalaman ang Biblia” ay Buhay.

<sup>109</sup> Bagkus “ang makilala Siya” ay Buhay. “Ang makilala Siya” bilang personal mong Tagapagligtas, bilang Siya Na nagpuspos sa iyo ng Kanyang Presensya. Nandun kayo noong maganap ito. Walang sinuman ang makawawaglit Nito mula sa inyo. Wala ngang sinuman ang makakapagpaliwanag para maiwaglit Ito mula sa inyo. Kapag ang karanasan na ’yun ay maganap sa inyo, makikilala n’yo mismo kung Sino Siya. Para sa akin, Siya si Jesus Cristo ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

<sup>110</sup> Sino ba Ito na pinapamalas ang mga himalang ito? Sino ito na ginagawa ang dakilang mga gawa na ito? Ang mangangaral ba? Si Oral Roberts ba? Si Billy Graham ba? Si Jack Schuler ba? Si William Branham ba? Kahit sino pa ito, wala silang kinalaman dito. Sila’y mga instrumento lang.

<sup>111</sup> Ang Espiritu Santo ito na inihahayag kalakip ang Ebanghelyo, sa mga tanda’t mga kababalaghan at mga himala, para ihanda ang isang bayan. Ang paligid nga’y napuno ng pananabik, na ang mga mananampalataya’y nag-aasam na Siya’y dumating.

<sup>112</sup> At sinasabi ng iba, “Bakit may mga rebaybal na ganito? Bakit mayroon tayo nito? Manatili na lamang tayo sa isang simbahan.” Hayan nga, na sinasabi-sabi sa iglesya rito, na, noong nagsisimula tayong itayo ang bagong simbahan, ang sabi, “Hindi na natin kailangan ng mga himala. Hindi na natin kailangan ang mga bagay na ito. Kung gusto n’yo ng ganoon, doon kayo magtungo sa pagmimisyon sa labas kung saan ito nangyayari. Hindi na natin kailangan ng ganyan dito.” Kapag ang Branham Tabernacle ay masadlak na sa ganyang kababa na kalagayan, lubog na ito.

<sup>113</sup> Ang iglesyang ito’y itinatag sa mga prinsipyo at Kapangyarihan at Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Hangga’t ang tabernakulong ito’y nakatayo, nawa’y ang maluwalhating Espiritu Santo’y makasumpung ng daan papunta sa mga kaluluwa, para magligtas, at magpuspos ng Espiritu Santo, at

pagalingin ang mga maysakit. Para sa akin, ito'y si Jesus Cristo na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

Manalangin tayo.

<sup>114</sup> Kung hindi n'yo pa nakikilala kung Sino Siya, kung hindi n'yo pa alam kung ano itong lahat ng ito, at nagnanais kayong malaman, magagawa n'yo bang itaas ang inyong kamay? At sabihin, sa pagtaas ng inyong kamay, "Ipanalangin mo po ako, Kapatid na Branham, para makilala ko Siya." At pagpalain kayo ng Panginoon. At sa buong paligid, nakikita ko ang inyong mga kamay.

<sup>115</sup> Ngayon, Makalangit na Ama, dinadala po namin ang Mensaheng ito, at ang mga bunga ng mga taong nagtataas ng kanilang mga kamay, na sila po'y nagnanais na makilala kung Sino Ito. Nagnanais sila na mapagkilala ang dakilang Jesus na ito. Anupa't, ang Kanyang Pagparito, ng pagkabuhay na mag-uli, ay nalalapit na nang husto, na ang mga maysakit ay unti-unti nang pinagagaling. At pagkatapos na mangyari 'yan, hayan nga na ang propesiya'y dumako sa Iglesia, pagkatapos ay mga kaloob at mga himala, ngayon po'y nasa huling tanda na. Ang susunod na darating, ay ang Pag-agaw na, ang Iglesia ay dadalhin na paitaas. At kami, Panginoon, na nagpapahayag na nakikilala Ka sa Kapangyarihan ng Iyong pagkabuhay na mag-uli, kami po'y naghihintay, nag-aasam, at umiiyak, at nagsusumamo, "Pumarito Ka na, Panginoong Jesus!"

<sup>116</sup> Iyo pong agawin na ang Iyong Iglesia at kunin na Ito paitaas, nang daglian, Panginoon. Dahil, malapit na, na pasasabugin na ng mga tao ang mundo na ito na Iyong nilikha para tirhan nila, dahil sila'y sumuway sa Iyo. Hindi kapayapaan ang pinag-aralan nila, kundi digmaan. Hindi katuwiran ang pinag-aralan nila, kundi kalokohan ang pinag-aralan nila. Anupa't wala sa kanila ang di naghahangad ng kapangyarihan! Panginoon, yaong munting dako sa kanilang puso na nagbubunsod na magutom sila sa kapangyarihan, sinusubukan nilang pawiin 'yun sa isang laboratoryo kung saan, para pasabugin ang kapwa nila tao.

<sup>117</sup> Diyos, kung mapagtatanto lamang nila na yaong kapangyarihan na inaasam nila ay ang Kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli ng Anak ng Diyos, ang Kapangyarihan ng Espiritu Santo para baguhin ang kanilang mga buhay; hindi ang pasabugin ang mga bansa, kundi baguhin ang kanilang mga buhay at ibunsod sila na maging Iyong mga lingkod.

<sup>118</sup> Maraming mga tao, ang naliligaw ng pagkahumaling, na ang taguri nila sa amin ay mga sangkumpol ng "mga walang nalalaman," at—at "mga heretiko," gaya ng ginawa nila noong sinaunang panahon. Pero sa pagbabalik nila, sila'y nagalak, pinasasalamat Ka na kanilang nakayanan ang panunuya dahil sa Iyong Pangalan. Yan po ang damdamin ng Iyong mga anak,

ngayong gabi, Panginoon, sa lahat ng dako. Kami po'y sadya pong masaya.

119 May ilan noong panahon Mo na ang pagkakilala sa Iyo. Sinasabi nila, “Kaibigan siya nung di-sibilisadong tao na 'yun, si Juan, na galing ng ilang na halos ngang walang damit, lumang balat lang ng tupa ang nakabalot sa kanya. Isang taong di-sibilisado na binulalas ang mga salitang 'yun, silangan at kanluran, at ang sabi pa, ‘Ang palakol ay nakaamba na sa ugat ng puno.’” Sabi, “Siya’y isang—isang tagasunod niya. Isa Siyang taong di-sibilisado. Isa Siyang baliw. Wala Siya sa katinuan ng Kanyang pag-iisip.” Ang sobrenatural na pagmi-ministryo na 'yun na nakalakip sa Iyo, Oh Panginoon, ay bumulag sa mga mata ng mga 'yun.

120 At ganoon din ito uli sa panahon ngayon: Ang dakilang Espiritu Santong ito na siyang tagapanguna sa Pagparito ng Panginoon, gaya ng ginampanan ni Juan noong panahon niya, binubulag ang mga tao, na mga di nagnanais na makakita. Pero yaong mga nagnanais na makakita, Iyo pong pinili sila. “At ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay lalapit sa Akin,” Iyo pong sinabi, “at wala ni isa sa kanila ang mawawaglit. At Aking ibabangon siya sa huling araw.” Amin Ka pong pinasasalamat para rito.

121 At sila na mga nagsipagtaas ng kanilang mga kamay, ngayong gabi, dalangin namin, Oh Panginoong Diyos, na Iyo pong ihahayag ang Iyong Sarili sa kanila, sa isang karanasan, sa Kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

122 At may ilan po marahil dito, ang hindi nagtaas ng kanilang kamay, pero hayan nga, na sa kanilang puso, alam nila na kailangan nila ito. Dalangin ko po na Iyong pagpalain pa rin sila, at ipagkaloob sa kanila ang pagmimithi sa kanilang puso.

123 Sa amin pong pag-alis sa gusaling ito, ngayong gabi, humayo nawa kami na mga binago nang tao. Humayo nawa kami na may bitbit nang bagong layon kaysa sa taglay namin kanina, noong pumasok kami, kung ito nga’y kontra sa Iyong Makalangit na kalooban. Nawa’y makahayo kami na may taglay na determinasyon na kumapit sa mga sungay ng dambana, hanggang sa mapuno ang aming kaluluwa’t taglayin ang isang karanasan sa Iyo, at mapagkilala namin kung Sino ang aming kinakausap, dahil nakatagpo na namin Siya at nakikilala Siya, at nakasama Siya sa pagbubuklod. Iyo pong ipagkaloob ang mga bagay na ito, Ama. Iyo pong pagalingin ang mga maysakit at ang mga nagdadalamhati.

124 Iyo pong pagpalain ang kaibig-ibig at kalugud-lugod naming pastor. Diyos, dalangin namin na Ikaw ay sasama sa kanya at sa kanyang mga kalugud-lugod na kapatid na babae,

habang umaawit sila ng Ebanghelyo, at ipinangangaral Ito sa kanilang radyo.

<sup>125</sup> Iyo pong pagpalain ang mga baguhan na nasa aming pintuan. Panginoon, nawa humayo sila, ngayong gabi, na may kapuspusan nang taglay sa kanilang puso, at isang layunin na sila, mula sa oras na ito, kung di Ka nila nakikilala at hindi Ka pa nila napaglilingkuran, noon, nawa'y paglingkuran Ka nila. Na maalaman ito, na "Lahat ng mga bagay ay mauuwi sa wala, ngunit ang Salita ng Panginoon ay mananatili magpakailanman." Iyo pong ipagkaloob ito, Ama.

<sup>126</sup> Patawarin Mo po kami, sa lahat naming mga kasalanan. At nawa kami'y magkita-kita sa dakilang . . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

Because He first loved me  
And purchased my salvation  
On Calvary's tree.

<sup>127</sup> Ngayon, tapos na po ang Mensahe, atin na pong iyuko ang ating mga ulo at sambahin Siya, habang inaawit natin ito sa Kanya.

I love Him,  
Nang buong puso n'yo.

I love Him  
Because He first loved me  
And purchased my salvation  
On Calvary's tree.

<sup>128</sup> Ilan po ang tunay na umiibig sa Kanya? Itaas n'yo ang inyong kamay, sabihin n'yo ito na may makakarinig, "Iniibig ko Siya." Oh, hindi ba't kahanga-hanga Siya? Alam n'yo, gustung-gusto ko ngang manatili na gaya nito at uminom, mismo, sa Kanyang Presenya. Ang Kanyang Salita, ay inilahad na, Ito'y nahulog na sa mga puso. Winawasto tayo Nito. Dinadala tayo Nito na magpasakop sa Kanyang Espiritu. Grabe mismong kaibig-ibig na sumamba sa Kanya! Ngayon, sa paglabas n'yo sa simbahan, ngayong gabi, humayo kayo, na sinasamba Siya.

<sup>129</sup> At alalahanin n'yo, itong sanlinggong ito, may pagtitipon para sa pananalangin dito sa Miyerkules ng gabi. Huwag n'yo pong kalimutan ang pagsasahimpapawid ni Kapatid na Neville sa Linggo, o sa Sabado, nang alas nuwebe, sa WLRP. Gustung-gusto ko ngang mapakinggan sila, kayo rin ba? Ang kuwartet, o ang trio, masarap pong pakinggan. Ang maybahay ko po't ako, at ang mga bata, inilalabas namin 'yung munting radyo at—at nakapalibot kami dun, para makapakinig kay Kapatid na Neville at sa kanyang pagsasahimpapawid, at ang kanyang kahanga-hangang mga salita, kung papaanong itinataas niya ang Diyos na kanyang iniibig at sinasampalatayanan. Hindi ko sinasabi ito para . . .

<sup>130</sup> Kayo po na mga bago lang dito, kung wala po kayong iglesyang tahanan, kayo po'y makipagbuklod sa amin. Sinasabi ko sa inyo, hindi ko sinasabi ito at dahil nakaupo siya riyon. Hindi, po. Sinasabi ko na ito, nang maraming beses na. Iniibig ko si Kapatid na Neville. Ganito po't, una, siya'y isang teologo. Unang-una po'y, isa siyang anak ng Diyos. Ang kasunod, siya'y ganoon at ganoon pa rin araw-araw. Maraming taon ko na po siyang kakilala. Hindi nga siya nagbago, ni katiting. Siya po'y nananatiling si Orman Neville, isang lingkod ng Panginoong Jesus. At sa palagay ko ay may ano siya . . .

<sup>131</sup> Noong isa pong gabi, tumawag ako, para tanungin siya kung ayos lang sa kanya, sa kanyang programa, na maglaan ng oras sa amin para dumako't manalangin para sa mga may sakit. May mga pupunta nga rito, kaninang umaga 'yun, alam n'yo. At ang kalugud-lugod po niyang maybahay ang nakasagot sa telepono, at ikinuwento ko sa maybahay ko, na nariyan, ang tungkol dito.

<sup>132</sup> At ganoon na lamang na pinasasalamat namin ang Diyos para sa kanyang kalugud-lugod na maybahay at kanyang pamilya. Napakainam po. Kapag nakakakita kayo ng isang ministro at ang kanyang maybahay na nagkakasundo na gaya nun, sa kaluguran at sa kababaan ng loob, nagbubunsod nga 'yun na ang iglesya'y umigi. Sadya pong lumulugod nang lumulugod sa paglipas ng mga araw.

<sup>133</sup> Iniibig n'yo ba Siya nang buong puso n'yo? Buweno. May awit po kami ng pagtatapos na inaawit-awit natin, *Take The Name Of Jesus With You*. At bigyan mo nga kami ng munting tipa, kapatid na babae, kung mayroon ka riyon sa libro. At aawitin po natin ang awiting ito ng pagtatapos. At sa pag-awit natin nang unang talata, marapatin po natin na lumibot, makipagkamay. Sige po. Ibigay mo sa amin ang tipa.

. . . the Name of Jesus with you,  
Child of sorrow and of woe;  
It will joy and comfort give you,  
Take it everywhere you go.

Precious Name, Oh how sweet!  
Hope of earth and joy of Heaven; (Pagpalain ka  
ng Diyos, kapatid.)  
Precious Name, Oh how sweet!  
Hope of earth and joy of Heaven.

Awitin natin ang talatang ito ngayon:

At the Name of Jesus bowing,  
Falling prostrate at His feet,  
King of kings in Heaven we'll crown Him,  
When our journey is complete. (Hindi po ba't  
magiging kahanga-hanga 'yun?)

Precious . . . (Precious Name!) Oh how sweet!  
 Hope of earth and joy of Heaven;  
 Precious Name, (Precious Name!) Oh how  
 sweet!  
 Hope of earth and joy of . . .

<sup>134</sup> Ilan po ang nakakaalala nung munting awit na inaawit natin, *Don't Forget The Family Prayer*? Naaalala n'yo ba? Hindi ko . . . Thelma, alam mo ba 'yun, o 'yung tipa, o hindi? Sige't subukan lang natin. Hindi n'yo ba naaalala? Sige't . . . Siguro'y susubukan ko para masabayan mo.

Don't forget the family prayer,  
 Jesus wants to meet you there;  
 He will take your every care,  
 Oh, don't forget the family prayer.

<sup>135</sup> Ilan po ang may pananalangin pampamilya? Mainam po. Sige't subukan lang natin uli. Babalikan ko lang dito. Gustung-gusto ko 'yun. Sige't sabay-sabay po tayo ngayon:

Don't—don't forget the family prayer,  
 Jesus wants to meet you there;  
 He will take your every care,  
 Oh, don't forget the family prayer.

<sup>136</sup> Oh Panginoon, nasusulat po sa Mga Kasulatan, na kinuha nila mula sa katawan ni Pablo ang mga panyo at mga tela, at ang maruruming mga espiritu'y tumalilis paalis sa mga tao, at ang mga karamdaman ay pinagaling. Dalangin po namin, Oh Panginoon, na sa ganoon ding paraan, ay maipakita sa mga ito, ngayong gabi, habang ipadadala ko ang mga ito sa mga nangangailangan at mga maysakit. Doon po sa kung saang dako sa buong bansa, may isa na umaasa at naghihintay na ito'y mangyari. Dalangin ko, Ama, na Iyong ipagkakaloob ito sa Pangalan ni Jesus, na Iyong Anak. Amen.

<sup>137</sup> Ngayon hihilingin ko, habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo, kung maaari na ang ating kalugud-lugod na Kapatid na Smith na nakaupo riyan, mula sa Church of God, na nasumpungan natin, na katulad din ng ating Kapatid na Neville dito, na isa ring tapat, totoong, lingkod ng Diyos, sige't hinihiling ko sa kanya na siya ang humiling ng mga pagpapala para sa inyo, para magpatuloy sa parating na sanlinggong ito. Pagpalain kayo ng Diyos, hanggang sa makita po namin kayo muli.

<sup>138</sup> Kapatid na Smith. [Nananalangin si Kapatid na Smith—Pat.] Opo, Panginoon. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Opo. Opo. Opo. Opo. Amen.

<sup>139</sup> Makipagkamayan po. Kayo po'y malugod na tatanggapin muli, sa tabernakulo. Pagpalain kayo ng Diyos.





*SINO KAYA ITO?* TAG59-0510E  
(Who Is This?)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Araw ng Mga Nanay, Linggo ng gabi, Mayo 10, 1959, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2021 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)